☐改編
☑自編

111 年新北市各級學校東南亞語文競賽
團體朗讀文稿 __菲律賓__ 語 __國小__ 組 B-1

# Pag-uwi sa Bahay nina Lolo at Lola

Bakasyon na, sasama ako kay Nanay sa Pilipinas.

Bibisitahin namin sina Lolo at Lola.

Ako: Mano po, Lolo. Mano po, Lola. Kumusta po kayo?

Lolo: Kumusta ka na? Ang laki mo na.

Lola: Ang tangkad mo.

Ako: Salamat po, Lolo, Lola.

Lolo: May tiangge ngayon.

Ako: Sige po! Halina at pumunta po tayo sa tiangge.

Ako: Lolo, ibang klase po ang sasakyan na iyan.

Lolo: Dyip iyan. Makukulay ang mga larawang nakapinta sa dyip. Kung bababa ka, sisigaw ka ng “PARA!”

Ako: Nakakatuwa! Ang gaganda ng mga dyip dito.

Ako: Lola, ano po ito?

Lola: Balut ito. May maliit na bibe sa loob, masustansya ito.

Ako: Ang init! Gusto ko pong kumain ng palamig.

Lolo: Kumain tayo ng Halo-halo.

Lola: May buko, sago, saging, gatas at sorbetes ang Halo-halo.

Ako: Lolo, Lola, bakit kakaiba po ang mga bahay rito?

Lolo: Iyan ang bahay kubo, gawa sa kahoy at kawayan, mataas ang mga paa upang makaiwas sa baha.

Ako: Wow! Ano po ang nilalaro ng mga bata roon?

Lola: Naglalaro sila ng tumbang preso. Nakakawiling laruin.

Ako: Maganda ang tanawin, masarap ang pagkain sa Pilipinas. Salamat po, Lolo. Salamat po, Lola. Mahal ko po kayo.

Lolo at Lola: Mahal ka rin namin. Sana madalas kang umuwi sa Pilipinas.